

Ang Pagpapakain sa 5000

(Mateo 14:13-21, Juan 6:1-14)

Si Jesus ay Anak ng Diyos. Mahal na mahal Niya ang mga tao at tinuturuan sila tungkol sa Diyos. Tinutulungan din Niya ang mga may sakit, malungkot, at nangangailangan. Kahit saan magpunta si Jesus, maraming tao ang sumusunod sa Kanya dahil gusto nilang marinig ang Kanyang mga salita at makita ang Kanyang kamangha-manghang mga himala!



Isang araw, nagtuturo si Jesus sa isang malaking grupo ng tao malapit sa isang lawa. Napakaraming tao, mahigit 5,000! Buong araw silang nakinig kay Jesus dahil espesyal ang Kanyang mga salita. Pero maya-maya, nagutom na sila.

Lumapit ang mga alagad ni Jesus at sinabi, "Gabi na, at walang pagkain ang mga tao. Pauwiin na natin sila."

Ngunit sinabi ni Jesus, "Bigyan natin sila ng makakain."

Tumingin-tingin ang mga alagad. "Saan tayo kukuha ng pagkain para sa ganito karaming tao?"

Sa oras na iyon, lumapit ang isang batang lalaki kay Jesus. May dala siyang maliit na baon; limang piraso ng tinapay at dalawang maliit na isda. Kaunti lang ito, pero ibinigay niya ito nang buong puso.

Ngumiti si Jesus at pinaupo ang lahat. Kinuha Niya ang baon ng bata, nagpasalamat sa Diyos, at sinimulang hatiin ang tinapay at isda.

Isang himala ang nangyari! Habang hinahati ni Jesus ang tinapay at isda, hindi ito nauubos! Dumami ito nang dumami! Ipinamahagi ng mga alagad ang pagkain sa lahat ng tao, at silang lahat ay nakakain hanggang mabusog.

Nang tipunin nila ang natirang pagkain, nakapuno sila ng labindalawang basket! Isang himala ang ginawa ni Jesus!



Ipinakita ni Jesus na kaya Niyang magbigay ng ating mga pangangailangan. Ginamit Niya ang maliit na baon ng bata para pakainin ang napakaraming tao! Mahal tayo ni Jesus at inaalagaan Niya tayo, tulad ng ginawa Niya noong panahong iyon.

